San Francisco
Water Power Sewer
Services of the San Francisco Public Utilities Commission

2021

TAUNANG ULAT SA KALIDAD NG TUBIG

LUNGSOD NG SAN FRANCISCO

Ang Ating Tubig sa Gripo

Ang Komisyon ng Pampublikong Kagamitan ng San Francisco (San Francisco Public Utilities Commission o SFPUC) ay naghahatid sa 2.7 milyong customer sa mga lungsod at bayan sa buong rehiyon ng tubig na napakapuro na natutugunan nito ang lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan. Sa maingat na pangangasiwa ng ating mga likas na yaman at imprastraktura, ang bawat patak na nakakarating sa inyong bahay o negosyo ay malinis at nasa pinakamataas na kalidad. Gayunpaman, ang pangmatagalang pagbabago sa klima at ang mga kamakailang taon ng mas kaunting ulan ay nag-aatas sa ating lahat na isiping muli kung paano natin ginagamit ang napakahalagang yamang ito.

Bilang tugon sa tatlong taon ng halos pambuong estadong tagtuyot, noong Nobyembre 2021 nagdeklara ang SFPUC ng isang Emergency sa Kakulangan sa Tubig para makatulong na patagalin ang ating mga suplay ng tubig. Hinihiling ng SFPUC sa lahat ng aming customer sa mga county ng San Francisco, San Mateo, Santa Clara, at Alameda na bawasan ang kanilang paggamit ng tubig sa pamamagitan ng pagbabawas ng pag-aksaya. Bisitahin ang **sfpuc.org/drought** para sa mga paraan kung paano kayo makakatulong.

Pag-uunawa sa Ulat na Ito

Ang SFPUC ay naglalabas ng Ulat sa Kalidad ng Tubig taon-taon para magbigay ng partikular na impormasyon tungkol sa kung saan nagmumula ang inyong tubig, paano namin ito tine-treat, at ang pangkalahatan nitong kemikal na komposisyon. Ginagawa namin ito hindi lang para matugunan ang mga panregulatoryong kinakailangan, kundi para makapagbigay rin sa inyo ng malinaw at mahalagang impormasyon tungkol sa mga operasyon namin para sa inuming tubig at sa aming mga pagsisikap para sa proteksyon ng pampublikong kalusugan.

Nakatuon kami sa pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig para sa lahat ng aming customer. Ang SFPUC ay nagpapatakbo at nagpapanatili ng isang sistema ng tubig na umaabot ng mahigit isang daang milya sa maraming county, para makapaghatid ng maiinom na tubig para sa pagkonsumo ng milyon-milyong indibidwal. Bukod sa sistema ng mga imbakan ng tubig sa loob ng San Francisco, ang SFPUC ay nagpapanatili rin ng isang mas malawak na sistema ng mga imbakan ng tubig at tubo sa Peninsula, sa South Bay, at panloob na bahagi sa Yosemite Valley. Umaasa kaming ang ulat na ito ay hindi lang magbibigay sa inyo ng higit na kaalaman tungkol sa inyong tubig, kundi magbibigay rin ng higit na tiwala sa mga kakayahan, talento, at pagsisikap ng aming mga kawani na tinitiyak ang pinakamataas na kalidad ng tubig para sa bawat isa sa aming mga customer.

Ipinagmamalaki namin ang aming tubig, at kailangan namin ang tulong ninyo sa pagtitipid nito. Sa kabuuan ng ulat na ito, makakakita kayo ng impormasyon at mga numero na makakatulong para mas mapalawak ang batayang impormasyong hinihingi sa amin. Sana ay mag-enjoy kayo sa pagkilala pa kung sino kami bilang isang Ahensya, at kung paano kayo makakatulong na gumawa ng pagbabago.

MGA PARAAN PARA MAKATIPID

AYUSIN ANG MGA TAGAS KAAGAD

Ang isang tumatagas na gripo ay nag-aaksaya ng daan-daang galon ng tubig kada buwan. Ayusin ang mga tagas para makatipid sa tubig at maiwasan ang mga pagtaas ng bayarin.

Ang Aming Inuming Tubig Mga Pinagkukunan at Treatment

Karamihan sa ating suplay ng inuming tubig ay nagmumula sa Panrehiyong Sistema ng Tubig ng San Francisco (San Francisco Regional Water System o SFRWS), na wholesale na sistema na pag-aari at pinapatakbo ng SFPUC. Ang suplay ay binubuo ng tubig sa ibabaw ng lupa (surface water) at tubig sa ilalim ng lupa (groundwater) na maayos na napoprotektahan at maingat na pinapamahalaan. Magkakaiba ang pinagmumulan at lokasyon ng mga pinagkukunang ito, dahil ang surface water ay nakaimbak sa mga imbakan ng tubig na nasa Sierra Nevada, Alameda County, at San Mateo County, habang ang groundwater naman ay nakaimbak sa isang deep aquifer na nasa hilagang bahagi ng San Mateo county at kanlurang panig ng San Francisco. Ang pamamahala sa iba't ibang pinagkukunang ito ay isang mahalagang bahagi ng panandalian at pangmatagalang istratehiya sa pamamahala ng suplay ng tubig ng SFPUC. Sa pamamagitan ng iba't ibang pinagkukunan, protektado tayo sa mga posibleng pagkawala ng tubig dahil sa mga emergency o kalamidad, kinakaya natin ang mga panahon ng tagtuyot, at nakakatulong ito sa atin na matiyak ang isang pangmatagalan at sustenableng suplay ng tubig habang tinutugunan natin ang mga isyu gaya ng kawalan ng kasiguraduhan sa klima, mga panregulatoryong pagbabago, at paglaki ng populasyon.

Para matugunan ang mga pamantayan sa pagkonsumo para sa inuming tubig, ang lahat ng suplay ng surface water kabilang ang mga panloob na bahagi na pinagkukunang hindi mula sa Hetch Hetchy (upcountry non-Hetch Hetchy sources o UNHHS) ay sumasailalim sa treatment ng SFRWS bago ito ihatid. Bagaman ang tubig mula sa Hetch Hetchy Reservoir ay hindi sakop ng mga pang-estado at pederal kinakailangan sa filtration, tinatanggap nito ang mga sumusunod na treatment: disinfection gamit ang ultraviolet light at chlorine, pH adjustment para sa pinakamainam na pagkontrol sa corrosion, fluoridation para sa proteksyon sa kalusugan ng ngipin, at chloramination para sa pagpapanatili ng disinfectant residual at pagpapaliit ng posibilidad ng pamumuo ng mga pinaghihigpitang byproduct mula sa disinfection. Ang tubig mula sa mga lokal na imbakan ng tubig ng Bay Area sa Alameda County at UNHHS ay inihahatid sa Sunol Valley Water Treatment Plant (SVWTP); habang ang tubig mula sa mga lokal na imbakan ng tubig sa San Mateo County ay inihahatid sa Harry Tracy Water Treatment Plant (HTWTP). Ang treatment ng tubig sa mga plantang ito ay binubuo ng filtration, disinfection, fluoridation, pinakamainam na pagkontrol sa corrosion, at pag-aalis ng lasa at amoy.

Noong 2021, walang ginamit na tubig ng UNHHS. Gayunpaman, may kaunting nadagdag na groundwater sa ating mga suplay ng surface water sa pamamagitan ng paghahalo sa mga tubo ng paghahatid at Sunset Reservoir.

Proteksyon ng Mga Watershed

Ang SFPUC ay taon-taong nagsasagawa ng mga pagsusuri sa kalinisan ng watershed para sa pinagkukunang Hetch Hetchy, at kada limang taon para sa mga pinagkukunan ng surface water na hindi sa Hetch Hetchy. Ang mga pinakabagong pagsusuri sa kalinisan para sa mga watershed na hindi sa Hetch Hetchy ay nakumpleto noong 2021 para sa panahong 2016-2020. Ang lahat ng pagsusuring ito, kasama ang mahihigpit na aktibidad ng SFRW sa pamamahala sa proteksyon ng watershed, ay nakumpleto sa suporta ng mga katuwang na ahensya kabilang ang National Park Service at US Forest Service. Ang mga layunin ng mga pagsusuri ay para suriin ang mga kondisyon sa kalinisan at kalidad ng tubig ng mga watershed at para suriin ang mga resulta ng mga aktibidad sa pamamahala sa watershed na isinagawa sa mga nakalipas na taon. Ang sunog na mabilis kumalat (wildfire), mga hayop sa gubat, mga hayop sa bukid, at mga aktibidad ng tao ay patuloy na nagiging pinagmumulan ng potensyal na kontaminasyon. Puwede kayong makipag-ugnayan sa Dibisyon ng Inuming Tubig ng Lupon ng Pagkontrol sa Yamang Tubig ng Estado (State Water Resources Control Board o SWRCB) ng Distrito ng San Francisco sa **510-620-3474** para sa higit pang impormasyon.

Kalidad ng Tubig

Regular kaming nangongolekta at nagsusuri ng mga sample ng tubig mula sa mga imbakan ng tubig at mga nakatalagang sampling point sa kabuuan ng sistema para tiyaking ang tubig na inihahatid sa inyo ay tumutugon sa lahat ng pederal at pang-estadong pamantayan sa inuming tubig. Noong 2021, nagsagawa kami ng mahigit **95,190** pagsusuri sa inuming tubig sa pinagkukunan, sa sistema ng paghahatid at ng pamamahagi. Bukod pa ito sa malawakang pagsubaybay sa pagkontrol ng proseso ng treatment na isinasagawa ng aming mga sertipikadong operator at mga online na instrumento.

Ang inuming tubig, kabilang ang nakaboteng tubig, ay makatuwirang maaasahang naglalaman ng kahit kaunting contaminant. Ang pagkakaroon ng mga contaminant ay hindi agad nangangahulugan na mapanganib sa kalusugan ang tubig. Para matiyak na ligtas inumin ang tubig sa gripo, ang United States Environmental Protection Agency (USEPA) at ang SWRCB ay nag-atas ng mga regulasyon na naglilimita sa dami ng ilang partikular na contaminant sa tubig na inihahatid ng mga pampublikong sistema ng tubig. Nagtakda rin ang mga regulasyon ng U.S. Food and Drug Administration at batas ng California ng mga limitasyon para sa mga contaminant sa mga nakaboteng tubig na nagbibigay ng parehong proteksiyon para sa pampublikong kalusugan.

MGA PARAAN PARA MAKATIPID

MGA PAG-SHOWER

Ang mga pag-shower ay nakakagamit ng hanggang isang galon kada minuto, kaya nakakatipid talaga ang mas maiikling pag-shower. Kumuha ng isang showerhead na tipid sa tubig bago ka magsabon, magbanlaw, at umulit.

Fluoridation at Dental Fluorosis

Ang water fluoridation, na ipinag-uutos ng batas ng Estado, ay isang gawaing kinikilala ng karamihan na napatunayang ligtas at mabisa sa pag-iwas at pagkontrol sa pagkabulok ng ngipin. Ang ating target na antas ng fluoride sa tubig ay 0.7 milligram kada litro (mg/L, o part per million, ppm), na naaayon sa panregulatoryong gabay ng Estado noong Mayo 2015 tungkol sa pinakamainam na antas ng fluoride. Ang mga sanggol na pinapainom ng gatas na hinaluan ng tubig na may fluoride sa ganitong antas ay posible pa ring magkaroon ng maninipis na puting linya o guhit sa kanilang mga ngipin. Ang mga markang ito ay tinatawag na banayad hanggang napakabanayad na fluorosis, at sa ilalim ng microscope lang ito madalas makikita. Kahit sa mga pagkakataong nakikita ang mga marka, walang anumang panganib ang mga ito sa kalusugan. Itinuturing ng Centers for Disease Control (CDC) na ligtas ang paggamit ng tubig na nilagyan ng fluoride sa optimal na paraan kapag nagtitimpla ng gatas ng sanggol. Para mapaliit ang posibilidad na ito ng pagkakaroon ng dental fluorosis, puwede ninyong piliing gumamit ng nakaboteng tubig na mababa ang fluoride para magtimpla ng gatas ng sanggol. Gayunpaman, puwede pa ring magkaroon ng dental fluorosis ang mga bata dahil sa nakokonsumong fluoride mula sa iba pang pinagmumulan gaya ng pagkain, toothpaste, at mga produkto para sa ngipin.

Makipag-ugnayan sa inyong tagapaghatid ng pangangalagang pangkalusugan o sa SWRCB kung may mga alalahanin kayo tungkol sa dental fluorosis. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa fluoridation o kalusugan ng bibig, bisitahin ang website ng SWRCB sa **waterboards.ca.gov/drinking_water/certlic/drinkingwater/Fluoridation.html**, ang website ng CDC sa **cdc.gov/fluoridation**, o ang aming website sa **sfpuc.org/tapwater**.

Maging Pamilyar sa Ating Mga Watershed

Ang sistema na naghahatid ng ating tubig ay binubuo ng iba't ibang pinagkukunan ng tubig. Nagsisikap kami nang husto para protektahan ang ating tubig at kalidad ng tubig. Alamin ang bawat isa sa ating mga imbakan ng tubig, gaano kalaki ang ambag ng mga ito sa sistema, at paano ninyo mapupuntahan ang mga ito.

Ang watershed ay isang lupaing nangongolekta at nagpapadaloy ng tubig-ulan at tubig mula sa natutunaw na yelo sa pamamagitan ng gravity sa mga sapa, batis, at ilog, hanggang sa mga karaniwang punto ng labasan gaya ng mga imbakan ng tubig, look, at karagatan.

CALAVERAS RESERVOIR

FUN FACT:
Ang pinakamalaki sa ating mga imbakan ng tubig sa East Bay, ang Calaveras ay matatagpuan malapit sa isang fault na aktibo sa lindol. Binuo noong 1925 ang orihinal na dam, at napalitan ito kamakailan kasabay ng ilan pang upgrade para mapahusay ang aming kakayahan na mas mapamahalaan ang biodiversity ng watershed.

CHERRY LAKE



FUN FACT:
Ang Cherry Lake ay isang sikat na pasyalan para sa mga lokal at dayo. Nagbibigay ito ng emergency na backup na suplay ng tubig sa ating sistema, at pinapayagan ang recreational na pamamangka sa mismong tubig. Ang imbakan ng tubig na ito ay pinapanatili sa tulong ng US Forest Service.

CRYSTAL SPRINGS RESERVOIR

FUN FACT:
Binubuo ng dalawang reservoir, ang Upper at Lower Crystal Spring ay isa sa mga pinakamadaling puntahang watershed kung saan puwedeng maglakad, mag-hike, at sumali sa mga bike tour na pinangungunahan ng guide sa mga kalapit na trail.

HETCH HETCHY RESERVOIR

FUN FACT:
Ang pangalan ng pinakamalaki nating imbakan ng tubig ay malamang na nagmula sa salitang Miwok na hatchhatchie, na nangangahulugang “mga nakakaing damo.” Ginagamit pa rin sa kalakhan ng lugar ang mga Miwok na pangalan, kabilang ang dalawang talon na Tueeulala Fall at Wapama Fall, at ang Kolana Rock.

LAKE ELEANOR

FUN FACT:
Bagama't ang kasalukuyang lawa ay nabuo dahil sa paglalagay ng dam sa Eleanor Creek noong 1918, may mas maliit na natural na lawa sa parehong lugar, na may parehong pangalan. Ngayon, makakapamasyal na ang mga bisita sa mga trail na madalas ginagamit para sa mga madadaling hike, pati na bilang campground.

PILARCITOS RESERVOIR

FUN FACT:
Ang pagbuo sa Pilarcitos Dam ay nagsimula noong 1862, at natapos ito noong 1866. Tinaasan ito noong 1867 at 1874. Ang dam ay gawa sa lupa na may clay puddle core, at may taas na 95 talampakan mula sa pundasyon hanggang sa tuktok. Medyo lampas nang kaunti sa 1 bilyong galon ang kapasidad ng imbakan ng tubig. Nagsisilbi itong pangunahing suplay ng tubig para sa Half Moon Bay.

SAN ANDREAS RESERVOIR

FUN FACT:
Ayon sa pangalan, binabaybay ng San Andreas fault ang imbakan ng tubig, at hindi nasira ang dam na humahawak sa imbakan ng tubig sa kabila ng lindol noong 1906. Ang 6 na milyang Sawyer Camp Trail ang nagdurugtong sa San Andreas reservoir at Crystal Springs reservoir.

SAN ANTONIO RESERVOIR

FUN FACT:
Matatagpuan malapit sa bayan ng Sunol sa Alameda County, pinuno ng tubig ang imbakan ng tubig na ito noong 1964 ng Turner Dam, na ipinangalan sa dating Pangkalahatang Tagapamahala ng Hetch Hetchy na si James H. Turner. Gaya ng Calaveras, sarado ito sa publiko.

Mga Espesyal na Pangangailangan sa Kalusugan

May ilang tao na mas madaling maapektuhan ng mga contaminant sa inuming tubig kaysa sa pangkalahatang populasyon. Posibleng mas nanganganib sa pagkakaroon ng impeksiyon ang mga taong mahina ang resistensiya, gaya ng mga taong may kanser na sumasailalim sa chemotherapy, mga taong sumailalim sa organ transplant, mga taong may HIV/AIDS o iba pang sakit sa immune system, at ilang matatanda at sanggol.

Ang mga taong ito ay dapat na humingi ng payo sa kanilang mga tagapaghatid ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa inuming tubig. Ang mga gabay ng USEPA/CDC sa mga naaangkop na hakbang para mapaliit ang panganib ng impeksiyong dulot ng *Cryptosporidium* at iba pang mikrobyong contaminant ay available sa Hotline ng USEPA sa Ligtas na Inuming Tubig **800-426-4791** o sa **epa.gov/safewater**.

Mga Per-at Polyfluoroalkyl Substance (PFAS)

Ang PFAS ay isang grupo ng humigit-kumulang 5,000 kemikal na gawa ng tao na hindi nabubulok at ginagamit sa iba't ibang industriya at consumer product. Noong 2021, nagsagawa kami ng ikalawang round ng boluntaryong pagsusubaybay gamit ang bagong paraan ng pagsusuri na ginamit ng USEPA para sa ilang PFAS contaminant. Walang PFAS na na-detect na lumalampas sa Mga Antas ng Pag-detect ng SWRCB sa Ulat sa Tiwala ng Consumer sa aming mga pinagkukunan ng surface water at groundwater. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa PFAS, puwede ninyong bisitahin ang website ng SWRCB sa **waterboards.ca.gov/pfas**, ang website ng SFPUC sa **sfpuc.org/tapwater**, at/o ang website ng USEPA sa **epa.gov/pfas**.

Mga Contaminant at Regulasyon

Sa pangkalahatan, kabilang sa mga pinagkukunan ng inuming tubig (tubig sa gripo at nakaboteng tubig) ang mga ilog, lawa, karagatan, batis, sapa, imbakan ng tubig, bukal, at balon. Habang dumadaloy ang tubig sa ibabaw o sa ilalim ng lupa, tinutunaw nito ang mga natural na mineral, at sa ilang pagkakataon, mga radioactive na materyal, at puwede itong makakuha ng mga substance na mula sa mga hayop o sa aktibidad ng mga tao. Ang mga naturang substance ay tinatawag na mga contaminant, at ang mga ito ay puwedeng matagpuan sa pinagkukunan ng tubig bilang:

Mga mikrobyong contaminant, gaya ng mga virus at bacteria na puwedeng mula sa mga planta sa trearment ng imburnal, septic system, mga gawain sa agrikultural na paghahayupan, at mga hayop sa gubat

Mga hindi organic na contaminant, gaya ng mga salt at metal, na puwedeng natural o resulta ng pagdaloy ng tubig-ulan mula sa mga lungsod, mga pagtatapon ng mga domestic at industriyal na maruming tubig, produksyon ng langis at gas, pagmimina o pagsasaka

Mga pestisidyo at herbisidyo na maaaring iba't iba ang pinagmulan gaya ng agrikultura, pagdaloy ng tubig-ulan mula sa mga lungsod, at mga residensyal na paggamit

Mga organic na kemikal na contaminant, kabilang ang mga synthetic at volatile na organic na kemikal, na mga by-product ng mga industriyal na proseso at produksyon ng petrolyo, at puwede ring magmula sa mga gasolinahan, pagdaloy ng tubig-ulan mula sa mga lungsod, agrikultural na paggamit, at mga septic system

Mga radioactive na contaminant, na puwedeng natural o resulta ng produksyon ng langis at gas at mga aktibidad sa pagmimina

Makakakuha ng higit pang impormasyon tungkol sa mga contaminant at potensyal na epekto sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa Hotline ng USEPA sa Ligtas na Inuming Tubig sa **800-426-4791**, o sa **epa.gov/safewater**.

MGA PARAAN PARA MAKATIPID

MGA LAWN AT HARDIN

Gumamit ng mga prinsipyo sa pagtitipid ng tubig pagdating sa pangangalaga ng mga lawn at hardin -- pumili ng mga halamang angkop sa klima, mahusay na irigasyon at design na nakakatipid sa tubig.

Inuming Tubig at Lead

Ang pagkaka-expose sa lead, kung mayroon, ay posibleng magdulot ng malulubhang epekto sa kalusugan sa lahat ng edad, lalo na sa mga babaeng buntis at maliliit na bata. Ang mga sanggol at batang umiinom ng tubig na may lead ay posibleng makaranas ng pagbaba ng IQ at pag-ikli ng attention span at mga paglaki ng posibilidad ng pagkakaroon ng mga problema sa pagkatuto at pag-uugali. Ang mga batang ipinanganak ng mga inang na-expose sa lead bago o pagkatapos ng pagbubuntis ay may malaking panganib na magkaroon ng mga nabanggit na masasamang epekto sa kalusugan. Para sa mga nasa hustong gulang, puwedeng lumaki ang panganib nilang magkaroon ng sakit sa puso, altapresyon, o mga problema sa bato o nervous system.

Ang lead na nasa inuming tubig ay pangunahing nagmumula sa mga materyales at bahaging nauugnay sa mga linya ng serbisyo at mga tubo sa bahay. Walang kilalang lead na linya ng serbisyo sa ating sistema ng pamamahagi ng tubig. Responsibilidad namin ang pagbibigay ng de-kalidad na inuming tubig at pag-aalis ng mga tubong gawa sa lead, pero hindi namin makokontrol ang iba't ibang materyales na ginagamit sa mga bahagi ng tubo ng inyong bahay. May responsibilidad kayong protektahan ang inyong sarili at pamilya mula sa lead na nasa inyong mga tubo sa bahay. Puwede ninyong gampanan ang inyong responsibilidad sa pamamagitan ng pagtukoy at pag-aalis sa mga materyales na gawa sa lead sa inyong mga tubo sa bahay, at paggawa ng mga hakbang para mapaliit ang panganib ng inyong pamilya. Kapag ilang oras nang hindi gumagalaw ang inyong tubig, puwede ninyong mapaliit ang posibilidad ng pagkaka-expose sa lead sa pamamagitan ng pag-flush sa inyong mga tubo sa loob ng ilang minuto, gaya ng pagbubukas ng inyong gripo, paliligo, paglalaba o paghuhugas ng mga pinggan, bago inumin o gamitin sa pagluluto ang tubig. Puwede rin kayong gumamit ng panalang sertipikado ng isang akreditadong certifier ng American National Standards Institute para alisin ang lead sa inuming tubig. Kung nag-aalala kayong may lead ang inyong tubig, puwede ninyong ipasuri ang inyong tubig, tumawag sa 311 o i-access ang aming website sa **sfpuc.org/leadtest** para mag-apply sa lead testing analysis sa mababang halaga. Makikita sa **epa.gov/safewater/lead** ang impormasyon tungkol sa lead sa inuming tubig, mga paraan ng pagsusuri, at mga hakbang na puwede ninyong gawin para mapababa ang exposure.

Bukod pa sa mga hakbang namin para maprotektahan ang pinagkukunan natin ng tubig, ipinagpapatuloy namin ang mga sumusunod na programa para mapababa ang pagkaka-expose ng mga customer sa lead na nasa tubig:

- Palitan ang natitirang 0.33% ng mga metrong gawa sa brass ng mga naka-automate na metro ng tubig na walang lead hangga't praktikal
- Magsagawa ng taunang pagsusubaybay para sa lead sa mga entry point sa SFRWS
- Katuwang ang San Francisco Department of Public Health, mag-alok ng mga libreng voucher para sa pagsusuri ng lead para sa mga kliyenteng naka-enroll sa programang Women, Infants and Children
- Mag-alok ng mga pagsusuri ng tubig para sa lead sa mababang halaga na $25 kada gripo

Linya ng Serbisyo na Gumagamit ng Lead (Lead User Service Line o LUSL)

Noong Hulyo 2020, ang SFPUC ay nagsumite sa SWRCB ng isang 10 taon na iskedyul ng pagpapalit ng bahaging lead at nagsimula itong palitan ang humigit-kumulang 1,578 galvanized steel na linya ng serbisyo na posibleng may lamang lead. Kabilang sa iskedyul na ito ang field inspection para kumpirmahin ang mga linya ng serbisyong gawa sa hindi alam na materyal. Kung ang isang galvanized na linya ng serbisyo ay matutuklasan o hindi ma-verify ang hindi alam na materyal, nakaiskedyul na palitan ang linya ng serbisyo. Ang SFWS ay gumawa ng Programa sa Pagpapalit ng Lead na Linya ng Serbisyo na may lookup map para sa customer, na naka-post sa website ng SFPUC, **sfpuc.org/lead**. Puwedeng gamitin ng customer ang mapa para matukoy kung ang address ay may linya ng serbisyo na galvanized o gawa sa hindi alam na materyal.

Noong Hunyo 2021, ang 10 taon na iskedyul ng pagpapalit ng lead na bahagi ay na-update na may bilang ng serbisyo na gawa sa hindi alam na materyal o galvanized na hindi pa rin nasisiyasat. Ipinakita rin ng mga bagong pagbabago na ang mga customer sa mga disadvantaged na kapitbahayan ay pantay-pantay na maitatakda sa iskedyul ng buwanang field inspection at pagpapalit. Simula Mayo 2022, mayroong nakumpirmang 1,031 galvanized na linya ng serbisyo at 2,904 na field inspection na gagawin. Sinimulan na rin namin ang paghahanda ng imbentaryo ng materyal para sa linya ng serbisyo sa panig ng customer: 5207 field inspection ang nagawa at 406 na linya ng serbisyo ang natukoy bilang galvanized.

Sa pagitan ng 2019 hanggang 2021, nagsagawa ang mga kawani ng isang paunang pag-aaral na nagsusuri sa mga antas ng lead sa mga bahay sa SFWS kung saan pinalitan ang mga LUSL pagkatapos nito. May kabuuang 36 na kalahok na nagboluntaryo para sa pag-aaral, at mula rito, ipinakita ng mga resulta na ang mga antas ng lead sa mga sample ng tubig sa gripo matapos ang pagpapalit ng LUSL ay tumaas nang kaunti at pagkatapos ay bumaba sa mga antas na mas mababa kaysa sa Antas ng Aksyon. Ang ilan sa mga kalahok na ito ay mayroon pa ring mga kapansin-pansing resulta ng lead sa mga una nilang 1 litro na sample, na nagmumungkahing malaki pa rin ang naiaambag ng tubo sa bahay sa lead na natutuklasan sa tubig sa gripo. Naaayon ang mga ito sa mga natuklasan sa industriya. Tingnan ang **sfpuc.org/lead** para sa ulat ng SFWS tungkol sa “Epekto ng Mga Bahaging Lead sa Mga Antas ng Lead sa Gripo sa Bahay”, na may petsang Marso 2022.

Lead at Copper Mga Resulta ng Sampling sa Gripo

Noong 2021, isinagawa namin ang aming Lead and Copper Rule (LCR) monitoring na isinasagawa kada tatlong taon, kung saan kumukuha kami ng sample mula sa mga gripo ng customer sa halip na sa sistema ng pamamahagi namin, at matitingnan ang mga resulta ng sampling na ito sa **sfpuc.org/lead**. Ang susunod na pagsasagawa ng LCR monitoring ay sa 2024.

Mga Pagsusuri ng Lead sa Mga Pasilidad sa Pangangalaga ng Bata at Mga Pampublikong Paaralan

Kasalukuyan kaming nakikipagtulungan sa San Francisco Unified School District para makabuo ng isang pangmatagalan at umuulit na programa sa pagsusubaybay sa lead para sa mga K-12 na paaralan. Tinutulungan din namin ang distrito ng paaralan sa pagkumpleto ng sampling ng lead sa mga center ng pangangalaga ng bata sa mga campus ng pampublikong paaralan hanggang huling bahagi ng 2022.

Binago ng Estado na Tuntunin sa Kabuuang Coliform

Ang ulat na ito ay nagpapakita ng mga pagbabago sa mga panregulatoryong kinakailangan sa inuming tubig noong 2021, kung saan ginamit ng SWRCB ang bersyon ng California ng pederal na Binagong Tuntunin sa Kabuuang Coliform. Ang binagong tuntunin, na magkakaroon ng bisa sa Hulyo 1, 2021, ay nagpapanatili ng layuning protektahan ang pampublikong kalusugan sa pamamagitan ng pagtiyak sa integridad ng sistema ng pamamahagi ng inuming tubig at pagsubaybay sa presensya ng mga mikrobyo (ibig sabihin, kabuuang coliform at *E. coli* bacteria). Inaasahan ang mas matinding proteksyon ng pampublikong kalusugan, dahil iniaatas ng binagong tuntunin sa mga sistema ng tubig na posibleng makontamina ng mga mikrobyo na tumukoy at mag-ayos ng mga problema. Ang mga sistema ng tubig na lumalampas sa tinukoy na dalas ng presensya ng kabuuang coliform ay kinakailangang magsagawa ng pagsusuri para alamin kung may mga depekto sa kalinisan. Kung matuklasang mayroon, dapat iwasto ang mga ito ng sistema ng tubig.

Pag-detect ng Carbon Tetrachloride sa Groundwater na Pinagkukunan

Noong 2021, naka-detect kami ng carbon tetrachloride sa West Sunset Well (WSW), na nasa mga antas na lampas sa California MCL sa groundwater na pinagkukunan. Gayunpaman, ang tubig mula sa WSW ay nahaluan ng surface water na dumaan sa treatment sa Sunset Reservoir at ang contaminant ay hindi na-detect sa hinalong tubig na naihatid sa sistema. Sa kumpirmadong pagka-detect, sinuspinde namin ang operasyon ng WSW hanggang sa walang katiyakang tagal.

MGA PARAAN PARA MAKATIPID

SA LABAS

Ang pagla-landscape gamit ang mga katutubong halaman ay nagpapalapit ng mga benepisyal na insekto at nababawasan nito ang pangangailangan para sa mga kemikal.

sfpuc.org/savewater

Mga Pangunahing Salita Tungkol sa Kalidad ng Tubig

Ang mga sumusunod ay ang mga kahulugan ng mga pangunahing salitang tumutukoy sa mga pamantayan at layunin sa kalidad ng tubig na nakasaad sa talahanayan ng data.

Layunin sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Goal o PHG): Antas ng isang contaminant sa inuming tubig sa ibaba na walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ng California Environmental Protection Agency ang mga PHG.

Maximum na Layunin sa Antas ng Contaminant (Maximum Contaminant Level Goal o MCLG): Antas ng isang contaminant sa inuming tubig sa ibaba na walang tukoy o inaasahang panganib sa kalusugan. Itinatakda ng USEPA ang mga MCLG.

Maximum na Antas ng Contaminant (Maximum Contaminant Level o MCL): Ang pinakamataas na antas ng contaminant na pinapayagan sa inuming tubig. Ang mga pangunahing MCL ay itinatakda nang pinakamalapit sa mga PHG o MCLG hangga't posible pagdating sa gastos at teknolohiya. Ang mga pangalawang MCL (secondary MCL o SMCL) ay itinatakda para protektahan ang amoy, lasa, at hitsura ng inuming tubig.

Maximum na Antas ng Residual Disinfectant (Maximum Residual Disinfectant Level o MRDL): Ang pinakamataas na antas ng disinfectant na pinapayagan sa inuming tubig. Malakas ang ebidensiya na ang paglalagay ng disinfectant ay kailangan para masugpo ang mga mikrobyong contaminant.

Layunin sa Maximum na Antas ng Residual Disinfectant (Maximum Residual Disinfectant Level Goal o MRDLG): Ang antas ng disinfectant sa inuming tubig sa ibaba na walang alam o inaasahang panganib sa kalusugan. Hindi ipinapakita ng mga MRDLG ang mga benepisyo ng paggamit sa mga disinfectant para masugpo ang mga mikrobyong contaminant.

Pangunahing Pamantayan sa Inuming Tubig (Primary Drinking Water Standard o PDWS): Mga MCL at MRDL para sa mga contaminant na nakakaapekto sa kalusugan kasama ang mga kinakailangan sa mga ito sa pagsubaybay at pag-uulat, at mga kinakailangan sa treatment ng tubig.

Antas ng Panregulatoryong Aksyon (Regulatory Action Level): Ang konsentrasyon ng isang contaminant na kung malalampasan ay magpapasimula ng treatment o iba pang kinakailangan na dapat sundin ng isang sistema ng tubig.

Paraan ng Treatment (Treatment Technique o TT): Isang kinakailangang proseso na ang layunin ay mabawasan ang antas ng contaminant sa inuming tubig.

Pagkalabo (Turbidity): Indicator ng pagkalinaw ng tubig na sumusukat sa labo ng tubig, at ginagamit din para isaad ang pagiging epektibo ng sistema ng filtration. Kung mataas ang turbidity, puwede nitong mahadlangan ang bisa ng mga disinfectant.

***Cryptosporidium*:** isang parasitikong mikrobyong nakikita sa karamihan ng surface water. Regular kaming nagsusuri para sa pathogen na ito sa tubig at nakita namin noong 2021 na mababa lang ang antas nito sa pinagkukunang tubig at na-treat na tubig. Gayunpaman, hindi kayang pag-ibahin ng mga kasalukuyang paraan ng pagsusuring aprubado ng USEPA ang mga patay na organismo at mga organismong puwedeng magdulot ng sakit. Ang pag-inom ng tubig na may *Cryptosporidium* ay puwedeng magdulot ng mga sintomas ng pagkaduwal, masakit na tiyan, pagtatae, at kaugnay na sakit ng ulo. Dapat munang ma-ingest ang *Cryptosporidium* bago ito magdulot ng sakit, at puwede rin itong kumalat sa ibang paraan bukod pa sa inuming tubig.

Pag-recycle ng isang Mahalagang Yaman

Ang inuming tubig ay mahalaga - sa tagtuyot man o tag-ulan. Kapag na-treat na ito, ang maruming tubig mula sa mga bahay at negosyo ay puwedeng mapakinabangan ulit kapag ginamit sa mga layuning hindi pag-inom tulad ng irigasyon at pagpuna ng mga lawa. Simula noong dulong bahagi ng 2022, ang maruming tubig na dumaan sa maraming treatment mula sa aming Oceanside Wastewater Treatment Plant ay gagamitin para sa irigasyon ng Golden Gate Park. Dahil dito, mas maraming groundwater ang puwedeng idagdag sa ating sistema ng inuming tubig, na sapat para maihatid sa 47,000 taga-San Fransisco.

Sa ngayon, halos 8 milya ng nakatalagang mga tubo ang nabuo para maghatid ng na-recycle na tubig mula sa mga bagong-gawang pasilidad ng treatment papunta sa mga lugar na ito. Nagsimula na rin ang paggawa sa isang underground na imbakan ng na-recycle na tubig, at above-ground na estasyon ng bomba ng na-recycle na tubig sa Golden Gate Park na magbobomba ng na-recycle na tubig papuntang Lincoln Park at Presidio.

Matuto pa tungkol sa kung paano namin nasusulit ang bawat patak ng tubig sa **sfpuc.org**.

Sistema ng Tubig sa San Francisco - Data sa Kalidad ng Tubig para sa 2021

Ang ulat na ito ay isang snapshot ng kalidad ng tubig sa nakaraang taon. Nakalista sa mga talahanayan sa ibaba ang mga na-detect na contaminant sa ating inuming tubig noong 2021 at ang impormasyon tungkol sa mga karaniwang pinagmumulan ng mga ito. Hindi ipinapakita ang mga contaminant na mas mababa sa mga limitasyon sa pag-detect para sa pag-uulat, alinsunod sa panregulatoryong gabay. Ang SFRWS ay may hawak na waiver ng SWRCB sa pagsusubaybay para sa ilang contaminant sa aming suplay ng surface water, kaya mas madalang kaysa sa taunan ang mga dalas ng pagsubaybay sa mga ito. Bisitahin ang **sfpuc.org/waterquality** para sa listahan ng lahat ng parameter sa kalidad ng tubig na nasubaybayan namin sa tubig na na-treat at hindi na-treat noong 2021.

MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL/TT	PHG O (MCLG)	NAKITANG LAWAK O ANTAS	AVERAGE O [MAX]	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG
PAGKALABO (TURBIDITY)						
Hindi Na-filter na Tubig ng Hetch Hetchy	NTU	5	N/A	0.2 - 0.4 [1]	[3.3]	Pagdaloy mula sa lupa
Na-filter na Tubig mula sa Sunol Valley Water Treatment Plant (SVWTP)	NTU	1 [2]	N/A	-	[0.4]	Pagdaloy mula sa lupa
	-	Min na 95% ng mga sample ≤0.3 NTU [2]	N/A	99.8% - 100%	-	Pagdaloy mula sa lupa
Na-filter na Tubig mula sa Harry Tracy Water Treatment Plant (HTWTP)	NTU	1 [2]	N/A	-	[0.2]	Pagdaloy mula sa lupa
	-	Min na 95% ng mga sample ≤0.3 NTU [2]	N/A	100%	-	Pagdaloy mula sa lupa
MGA BY-PRODUCT AT PRECURSOR NG DISINFECTION						
Kabuuang Trihalomethanes	ppb	80	N/A	9.4 - 4.7	[36] [3]	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Limang Haloacetic Acid	ppb	60	N/A	5.1 - 42	[28] [3]	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Bromate	ppb	10	0.1	ND - 1.9	[2.1] [4]	By-product ng disinfection ng inuming tubig
Kabuuang Organic Carbon [5]	ppm	TT	N/A	1.2 - 2.2	1.8	Iba't ibang pinagmulan na natural at gawa ng tao
MICROBIOLOGICAL						
Kabuuang Coliform [6]	-	NoP ≤5.0% ng mga buwanang sample	(0)	-	[0.0%]	Natural na nasa kapaligiran
Fecal coliform at *E. coli* [6]	-	0 Positibong Sample	(0)	-	[0]	Dumi ng tao o hayop
Giardia lamblia	cyst/L	TT	(0)	0 - 0.04	0.01	Natural na nasa kapaligiran
MGA INORGANIC						
Fluoride (pinagkukunang tubig) [7]	ppm	2.0	1	ND - 0.8	0.4 [8]	Pagkaagnas (erosion) ng mga natural na deposito; additive sa tubig para patibayin ang mga ngipin
Chloramine (bilang chlorine)	ppm	MRDL = 4.0	MRDLG = 4	<0.1 - 3.8	[2.6] [4]	Disinfectant ng inuming tubig na idinaragdag para sa treatment

MGA CONSTITUENT NA MAY MGA PANGALAWANG PAMANTAYAN	UNIT	SMCL	PHG	LAWAK	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG
Chloride	ppm	500	N/A	<3 - 11	6.7	Pagdaloy / pagtagas mula sa mga natural na deposito
Specific Conductance	µS/cm	1600	N/A	34 - 217	135	Mga substance na bumubuo ng mga ion kapag nasa tubig
Sulfate	ppm	500	N/A	1.1 - 29	13	Pagdaloy / pagtagas mula sa mga natural na deposito
Kabuuang Mga Natunaw na Solid	ppm	1000	N/A	<20 - 96	52	Pagdaloy / pagtagas mula sa mga natural na deposito
Pagkalabo (Turbidity)	NTU	5	N/A	ND - 0.2	ND	Pagdaloy mula sa lupa

LEAD AT COPPER [9]	UNIT	AL	PHG	LAWAK	90TH NA PERCENTILE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG
Copper	ppb	1300	300	ND - 383	60	Panloob na corrosion ng mga sistema ng tubo ng tubig sa bahay
Lead	ppb	15	0.2	ND - 190	7.1	Panloob na corrosion ng mga sistema ng tubo ng tubig sa bahay

MGA HINDI KONTROLADONG PARAMETER SA KALIDAD NG TUBIG	UNIT	ORL	LAWAK	AVERAGE
Alkalinity (bilang CaCO3)	ppm	N/A	4.5 - 79	37
Boron	ppb	1000 (NL)	ND - 123	ND
Calcium (bilang Ca)	ppm	N/A	3 - 17	9.5
Chlorate [10]	ppb	800 (NL)	28 - 420	162
Hardness (bilang CaCO3)	ppm	N/A	7.7 - 60	34
Magnesium	ppm	N/A	<0.2 - 5.5	2.9
pH	-	N/A	7.9 - 9.7	9.2
Phosphate (ortho)	ppm	N/A	<0.3 - 0.3	<0.3
Potassium	ppm	N/A	0.4 - 1.1	0.7
Silica	ppm	N/A	3 - 5.9	4.8
Sodium	ppm	N/A	3.1 - 17	12
Strontium	ppb	N/A	14 - 181	83

IBIG SABIHIN

- < / ≤ = mas mababa / mas mababa o katumbas
- AL = Action Level (Antas ng Aksyon)
- Max = Maximum (Pinakamataas)
- Min = Minimum (Pinakamababa)
- N/A = Not Available (Hindi Available)
- ND = Non-Detect (Hindi Na-detect)
- NL = Notification Level (Antas ng Abiso)
- NoP = Number of Coliform-Positive Sample (Dami ng Sample na Positibo sa Coliform)
- NTU = Nephelometric Turbidity Unit
- ORL = Other Regulatory Level (Iba Pang Panregulatoryong Antas)
- ppb = part per billion (bahagi kada bilyon)
- ppm = part per million (bahagi kada milyon)
- µS/cm = microSiemens/centimeter (sentimetro)

MGA FOOTNOTE SA SISTEMA NG TUBIG NG SAN FRANCISCO - DATA SA KALIDAD NG TUBIG:
(1) Ang mga ito ay mga buwanang average na value ng turbidity na sinukat bawat 4 na oras araw-araw. **(2)** Isa itong kinakailangan sa TT para sa mga sistema ng filtration. **(3)** Ito ang pinakamataas na lokasyonal na taunang umiiral na average value. **(4)** Ito ang pinakamataas na taunang umiiral na average value. **(5)** Ang kabuuang organic carbon ay isang precursor para sa pamumuo ng byproduct ng disinfection. Nalalapat ang kinakailangan sa TT sa na-filter na tubig mula sa SVWTP lang. **(6)** Nabago ang MCL bilang nakabatay sa *E. coli* simula Hulyo 1, 2021 matapos gamitin ng SWRCB ang Binagong Tuntunin sa Kabuuang Coliform. **(7)** Ang SWRCB ay nagrekomenda ng optimal na antas ng fluoride na 0.7 ppm na papanatilihin sa na-treat na tubig. Noong 2021, ang lawak at average ng mga antas ng fluoride ay 0.6 ppm - 0.9 ppm at 0.7 ppm, ayon sa pagkakabanggit. **(8)** Ang natural na fluoride sa Hetch Hetchy na pinagkukunan ay ND. Ang mas mataas na antas ng fluoride sa hindi na-treat na tubig sa SVWTP at HTWTP ay dahil sa paglipat ng tubig mula sa Hetch Hetchy na may fluoride papunta sa mga lokal na imbakan ng tubig. **(9)** Ang pinakabagong Lead at Copper Rule monitoring mula sa mga gripo ng consumer ay noong Agosto 2021. Dalawa sa 72 site sample na nakolekta sa mga gripo ng consumer ang may mga concentration ng lead na lampas sa AL. **(10)** Ang na-detect na chlorate sa na-treat na tubig ay isang degradation product ng sodium hypochlorite, na ginagamit namin para sa disinfection ng tubig.

Tandaan: Ang iba't ibang pinagkukunan ng tubig na napaghahalo sa iba't ibang ratio sa kabuuan ng taon ay nagresulta sa magkakaibang kalidad ng tubig. Makakakuha ng karagdagang data sa kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagtawag sa toll-free na numero ng aming Dibisyon sa Kalidad ng Tubig sa 877-737-8297.

Lokal na Groundwater ng San Francisco - Data sa Kalidad ng Tubig para sa Taon 2021

Na-treat na Tubig (Sunset Reservoir)

MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL	PHG O (MCLG)	LAWAK	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG
MGA INORGANIC						
Chromium (VI)	ppb	N/A [1]	0.02	ND - 1	ND	Pagtagas mula sa mga natural na deposito; discharge ng dumi mula sa electroplating
Nitrate (bilang nitrogen)	ppm	10	10	ND - 0.4	ND	Mga landscape fertilizer at tumagas na maruming tubig
Fluoride	ppm	2.0 (Natural na Pinagmulan)	1	0.6 - 0.8	0.7	Pagkaagnas (erosion) ng mga natural na deposito; additive sa tubig para patibayin ang mga ngipin
MGA CONSTITUENT NA MAY MGA PANGALAWANG PAMANTAYAN	**UNIT**	**SMCL**	**PHG**	**NAKITANG LAWAK O ANTAS**	**AVERAGE**	**MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG**
Chloride	ppm	500	N/A	4.5 -14	7.2	Pagdaloy / pagtagas mula sa mga natural na deposito
Specific Conductance	µS/cm	1600	N/A	59 - 221	95	Mga substance na bumubuo ng mga ion kapag nasa tubig
Sulfate	ppm	500	N/A	4.3	4.3	Pagdaloy / pagtagas mula sa mga natural na deposito
Kabuuang Mga Natunaw na Solid	ppm	1000	N/A	41	41	Pagdaloy / pagtagas mula sa mga natural na deposito
Pagkalabo (Turbidity)	NTU	5	N/A	ND - 0.4	0.2	Pagdaloy mula sa lupa

Tubig na Hindi Dumaan sa Treatment (Mga Lokal na Balon ng Groundwater sa San Francisco)

MGA NA-DETECT NA CONTAMINANT	UNIT	MCL	PHG O (MCLG)	LAWAK	AVERAGE	MGA KARANIWANG PINAGMUMULAN SA INUMING TUBIG
MGA INORGANIC [2]						
Chromium (VI)	ppb	N/A [1]	0.02	6.7 - 23	15	Pagtagas mula sa mga natural na deposito; discharge ng dumi mula sa electroplating
Chromium	ppb	50	(100)	ND - 23	11	Pagkaagnas (erosion) ng mga natural na deposito; discharge mula sa electroplating
Nitrate (bilang nitrogen)	ppm	10	10	3.1 - 8.2	5.7	Mga landscape fertilizer at tumagas na maruming tubig
MGA VOLATILE NA ORGANIC						
Carbon tetrachloride [3]	ppb	0.5	0.1	0.6 - 0.9	0.7	Discharge mula sa mga planta ng kemikal at iba pang industriyal na aktibidad
Tetrachloroethylene [4]	ppb	5	0.06	1.8 - 2.2	2	Discharge mula sa mga pabrika, dry cleaner, at auto shop (metal degreaser)
MGA HINDI KONTROLADONG PARAMETER SA KALIDAD NG TUBIG	**UNIT**	**ORL**		**LAWAK**	**AVERAGE**	
pH	-	N/A		7.6 - 8.4	7.9	
Strontium	ppb	N/A		127 - 185	156	

MGA FOOTNOTE SA LOKAL NA GROUNDWATER NG SAN FRANCISCO - DATA SA KALIDAD NG TUBIG:
(1) Ang Chromium (VI) ay kasalukuyang kinokontrol ng SWRCB sa ilalim ng MCL na 50 ppb para sa kabuuang chromium. **(2)** Nade-detect ang mga contaminant na ito sa hindi na-treat na groundwater. Ang paghahalo ng groundwater sa surface water ay naaprubahan ng SWRCB bilang treatment para sa mga contaminant na ito. Noong 2021, dalawang balon lang (Lake Merced Well at West Sunset Well) ang nakapaghatid ng groundwater sa sistema ng pamamahagi nang hindi tuloy-tuloy. **(3)** Na-detect ang contaminant na ito sa South Sunset Well at West Sunset Well pero hindi sa naghalong tubig sa Sunset Reservoir. Hindi tumatakbo ang South Sunset Well noong 2021. **(4)** May na-detect na Tetrachloroethylene sa Golden Gate Central Well, na nagsuplay sa Golden Gate Park sa kabuuan ng 2021 para lang sa irigasyon.

San Francisco
Water
Power
Sewer

Mga serbisyo ng San Francisco
Public Utilities Commission

P.O. Box 7369
San Francisco, CA 94120-7369

I-follow Kami @**MySFPUC**

Ang mga patakaran sa kalidad ng tubig ay pinagpapasyahan sa mga pagdinig ng Komisyon ng SFPUC, na isinasagawa kada ika-2 at ika-4 na Martes ng bawat buwan nang 1:30 pm sa San Francisco City Hall, Room 400.

Anson Moran, PRESIDENTE
Newsha K. Ajami, BISE PRESIDENTE
Sophie Maxwell, KOMISYONADO
Tim Paulson, KOMISYONADO

Naglalaman ang ulat na ito ng mahahalagang impormasyon tungkol sa iniinom nating tubig. Mangyaring makipag-ugnayan sa SFPUC Communications sa **628-215-0940** o mag-email sa **jstreeter@sfwater.org** para sa tulong.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Favor de comunicarse con JP Streeter en tel **628-215-0940** o **jstreeter@sfwater.org** para asistencia.

此報告有重要飲水資訊。需要協助，請聯絡三藩市水利局公關部，電話:**628-215-0940**或電郵 **jstreeter@sfwater.org** 。

San Francisco Public Utilities Commission

Araw-araw, naghahatid kami ng de-kalidad na inuming tubig sa 2.7 milyong tao sa mga county ng San Francisco, Alameda, Santa Clara, at San Mateo. Gumagawa kami ng malinis at maaasahang hydroelectricity na nagbibigay ng kuryente sa 100% ng mahahalagang serbisyo sa San Francisco, kabilang ang mga istasyon ng pulis at bumbero, mga ilaw sa kalye, Muni, SF General Hospital, at higit pa.

Naglalaman ang ulat na ito ng mahahalagang impormasyon tungkol sa iniinom ninyong tubig. Isalin ito o makipag-usap sa taong nakakaintindi nito.

Este informe contiene información muy importante sobre su agua potable. Tradúzcalo o hable con alguien que lo entienda bien.

Mahalaga ang impormasyong ito. Mangyaring ipasalin ito.

این اطلاعیه شامل اطلاعات مهمی راجع به آب آ شامیدنی است. اگر نمیتوانید این اطلاعات را بزبان انگلیسی بخوانید لطفاً از کسی که میتواند یاری بگیرید تا مطالب را برای شما به فارسی ترجمه کند.

Cé rapport contient des information importantes concernant votre eau potable. Veuillez traduire, ou parlez avec quelqu' un qui peut le comprendre.

Этот отчет содержит важную информацию о вашей питьевой воды. Переведите его или поговорите с тем, кто это понимает.

此份水質報告, 內有重要資訊。請找他人為你翻譯和解說清楚。

Chi tiết này thật quan trọng. Xin nhờ người dịch cho quý vị.

この報告書には上水道に関する重要な情報が記されております。翻訳を御依頼なされるか、内容をご理解なさっておられる方にお尋ね下さい。

यह सूचना महत्वपूर्ण है । कृपा करके किसी से :सका अनुवाद करायें ।

이 안내는 매우 중요합니다. 본인을 위해 번역인을 사용하십시요.